# ALAM MO BA

## NA MAARI KA MAG-APPLY NG LISENSYA PARA SA IYONG NEGOSYO O PROPESYON KAHIT NA WALA KANG NUMERO NG SEGURONG PANLIPUNAN (SSN, SOCIAL SECURITY NUMBER)?

### May mga bagong batas ang California upang mas madaling magsimula ng negosyo at magpatuloy sa propesyonal na karera!

Sa ilalim ng AB 2184, o Batas sa Pagsasama ng Imigrante sa Negosyo, maaari kang mag-apply para sa lokal na lisensya sa negosyo nang walang Numero ng Segurong Panlipunan (SSN, Social Security Number) simula ika-1 ng Enero taong 2019. Sa halip ay maari mong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na pagkakakilanlan:

1. Lisensya sa pagmamaneho ng California
2. Numero ng pagkakakilanlan ng California
3. Indibidwal na numero ng pagkakakilanlan ng nagbabayad ng buwis (ITIN, individual taxpayer identification number); o
4. Numero ng pagkakakilanlan sa munisipalidad

Sa ilalim ng SB 1159, maari ka ring mag-apply para sa lisensya ng estado para sa propesyonal gamit ang ITIN. Ang konseho ng paglilisensya sa ilalim ng Kagarawan ng mga Ugnayang Mamimili ay binabawalan sa pagtanggi sa isang tao ng propesyonal na lisensya (tulad ng lisensya para sa kosmetolohiya, tagalinis ng ngipin, manggagawang panlipunan, o accountant) batay sa katayuan ng kanilang imigrasyon.

Nagpapatakbo ka ba ng negosyo sa iyong bahay? Kung gayon, hindi mo na kailangang itala ang iyong tirahan sa iyong aplikasyon sa lisensya ng negosyo. Maari mong gamitin ang serbisyo ng koreo, tulad ng United States Postal Service, FedEx/Kinkos, o Mailboxes, atbp. bilang alternatibong address.

Panghuli, ang iyong personal na impormasyon ay protektado! Ang lokal na pamahalaan ay kinakailangang protektahan ang iyong personal na impormasyon at panatilihin itong pribado, kasama ang iyong tirahan, at iyong impormasyon sa kita at buwis.

Upang mag-apply para sa lisenya sa negosyo, kakailanganin mong pumunta sa tanggapan ng iyong lokal na pamahalaan upang punan ang pormularyo. Sa ilang mga kaso, maari mong gawin ang aplikasyon online.

Kung ikaw ay tinanggihan ng lisensya sa negosyo o lisensya para sa propesyonal dahil sa iyong katayuan sa imigrasyon, ito ay labag sa batas at mayroon kang mga karapatan! Mangyaring ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pagpunta rito: https://bit.ly/2k4tEbs

Para sa anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay Sasha Feldstein sa sfeldstein@caimmigrant.org

SETYEMBRE 2019

CALIFORNIA IMMIGRANT POLICY CENTER